# Welcome

(Para sa leader: Subukang gumawa ng isang tanong na magagamit upang mas makilala ang mga kasama sa kaagapay. *Be creative, personal and specific.*)

# Worship

Sa nagdaang linggo, anong ebidensya ng kabanalan ng Diyos ang naranasan mo? Sama-samang purihin ang Diyos dahil sa kanyang kabanalan.

# Word

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na…*


*Head (Know)*: Maipaliwanag sa sariling pang-unawa ang kahulugan ng biblikal na doktrina ng "kasapatan ng Diyos" (*the sufficiency of God*).


*Heart (Be):* Magkaroon ng kasigasigan sa paglilingkod at pagsamba ayon sa katotohanang hindi nangangailangan ang Diyos ng anumang bagay.


*Hand (Do)*: Mailapit sa Diyos ang isang pisikal at isang espirituwal na pangangailangan na may kumpiyansang tutugunan ito ng Diyos.

### Panimula

1. Kailan mo huling naranasan na kailangang-kailangan ng iba ang tulong mo para maisagawa ang isang gawain? Ano'ng naramdaman mo? Paano kung wala nang nangangailangan sa 'yo?

<u>Tulay tungo sa Talakayan:</u> Huwag na huwag nating iisipin na kailangan tayo ng Diyos. Tayo ay kanyang nilikha, iniligtas, inaanyayahang sumamba at maglingkod **hindi** dahil may pangangailangan siya na matutugunan natin. **Our God is a sufficient God.** Walang kulang sa kanya. Sapat siya sa lahat ng bagay. Wala siyang kailangan sa atin. Tayo ang may kailangan sa kanya. Karangalan at kaluguran ng Diyos ang lumapit tayo sa kanya.

### Talakayan

2. Basahin ang Gawa 17:24-25. Anong ang pangunahing katotohanan tungkol sa Diyos ang nais ipahatid ni Pablo sa mga taga-Athens?

3. Bakit hindi kailangan ng Diyos ang paglilingkod natin (v. 25; 1 Cronica 29:14; Roma 11:34-36)?

4. Bakit hindi popular sa mga tao ang katotohanan na sapat ang Diyos at hindi niya kailangan ang anuman o sinuman?

5. Kung 'di kailangan ng Diyos ang paglilingkod natin, bakit tayo inaanyayahan na maglingkod sa kanya (Roma 12:11; Awit 2:11; 100:2)? Ano ngayon ang kabuluhan ng paglilingkod na ginagawa natin?

6. Kung walang pangangailangan ang Diyos at nasa kanya ang lahat ng pangangailangan natin, paano tayo ngayon lalapit sa kanya para sa mga pangangailangan natin (Santiago 1:5-6; Filipos 4:11-13)?

7. Sa anu-anong paraan hindi nakikita sa buhay natin ang kasapatan ng Diyos sa lahat ng bagay? Paano natin babaguhin ang mga ito?

### Pagsasabuhay

8. Banggitin ang isang pangangailangang pisikal at isang pangangailangang espirituwal. Siguraduhing ito ay pangangailangan at hindi lamang pansariling kagustuhan. Sama-samang ilapit ito sa Diyos na may kumpiyansang sapat ang pagtugon dito ng Diyos at ayon sa kanyang panahon.

### Memory Verse of the Week:

*Siya ang gumawa ng sanlibutan at lahat ng naririto, siya ang Panginoon ng langit at ng lupa. Hindi siya nananahan sa mga templong ginawa ng tao.* [25]*Hindi rin siya nangangailangan ng anumang tulong o paglilingkod ng tao; sa halip, siya ang nagbibigay ng buhay, hininga at lahat ng bagay sa sangkatauhan.* (Gawa 17:24-25).

# Works

Pag-usapan kung sinu-sino ang mga kaibigan o kakilalang iimbitahin sa darating na Friend Day sa December 14. Ipanalangin ang gawaing ito na gamitin ng Diyos upang maraming tao ang makakilala kay Cristo.